



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Enero 5, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis, 415-940-3585

Programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin, pinondohan ang pagpapabilis sa pag-adopt ng de-kuryenteng sasakyan

SAN FRANCISCO - Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay nagbigay ng garantiya sa utang sa EvGateway, na isang kumpanya sa pamamahala ng mga solusyon sa de-kuryenteng sasakyan na nakatuon sa pagpapabilis sa pag-adopt at paggamit ng mga de-kuryenteng sasakyan sa pamamagitan ng pagpapadali sa paggamit ng mga ito.

Ang EvGateway ay may ginawang portfolio ng software na nagbibigay-daan sa mga operator ng mga charger ng mga de-kuryenteng sasakyan na pamahalaan at i-operate ang kanilang mga charger. Nagbibigay-daan din ang software sa mga consumer na maghanap at magpareserba ng mga available na charger, makita ang mga amenity na available sa mga charger, tumingin ng mga rate sa pag-charge, at bayaran ang pag-charge ng kanilang sasakyan.

“Transportasyon ang pinakamalaking pinagmumulan ng mga emisyon ng greenhouse gas sa Bay Area, at ang pagpapabilis sa paggamit ng de-kuryenteng sasakyan ay isang mahalagang paraan para mabawasan ang mga emisyon ng iyon,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Isusulong ng proyektong ito ang mas malawak na pagmamay-ari ng (Electric Vehicle, EV) sa pamamagitan ng pag-streamline ng pag-charge para sa parehong consumer at operator, habang tumutulong na maabot ang mga layunin sa proteksyon ng klima ng rehiyon.”

Nilisensyahan ng EvGateway ang software nito sa Siemens, Tririum, at Revel sa pamamagitan ng programa sa white label. Bukod pa rito, nag-o-operate at nagmementina ang EvGateway ng mga charger ng sasakyan para sa mga kumpanya at munisipalidad kasama ang mga parke at beach sa Southern California, at ang Lungsod ng Los Angeles.

Ang garantiya sa utang na ito ay ang pangatlong proyekto sa ilalim ng programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank at Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang pagkwalipika ng teknolohiya, epekto ng pagkakapantay-pantay sa lipunan, at pagsusuri ng greenhouse gas, kung saan natukoy na kwalipikado ang EvGateway para sa isang \$2.5 milyong garantiya sa utang. Sinuportahan ng garantiya sa utang na ito ang EvGateway sa pagkuha ng linya ng credit sa Farmers & Merchants Bank.

“Ikinagagalak ng IBank — na bahagi ng Office of Business and Economic Development ng Gobernador— na tulungan ang mga kumpanya gaya ng EvGateway na pabilisin ang pag-adopt at paggamit ng mga de-kuryenteng sasakyan,” sabi ni Scott Wu, ang tagapagpaganap na direktor ng IBank. “Hindi na kami makapaghintay na maghatid ng mas maraming oportunidad sa pagpopondo ng

klima — sa pamamagitan ng Climate Tech, Climate Catalyst, mga green bond, at iba pang programa — sa mga kumpanya sa buong estado na nagtutulungan para maabot ng California ang mga layunin nito sa pagbabawas ng greenhouse gas at pagprotekta ng kapaligiran.”

Ang pangunahing prinsipyo ng [Climate Tech Finance](#) ay ang suportahan ang mga makabagong proyekto sa klima, at sa pagsusuri ng greenhouse gas ng Distrito ng Hangin, natitiyak na nababawasan ng mga bagong teknolohiya ang mga panandalian at pangmatagalang emisyon ng greenhouse gas. Nagbibigay ang garantiya sa loan ng Climate Tech Finance ng pagpapaganda ng credit na sumusuporta sa paglalagay ng [EvGateway](#) ng mga (Direct Current, DC) at (Alternating Current, AC) (Electric Vehicle, EV) charger sa buong Estado ng California. Ilalagay ang mga charger sa mga hotel at komersyal na lugar mula sa Bay Area hanggang San Diego. Ang mga proyekto ng EvGateway ay tinatayang makakabawas ng 7,000 metric ton ng emisyon ng katumbas ng carbon dioxide kada taon.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)